Bagyong Taglamig (Winter Storm)

American Red Cross

Handa ka na ba laban sa isang Bagyong Taglamig (Winter Storm)?

Ito ang maaari mong gawin upang maghanda para sa ganoong pangyayari

Maghanda ng isang plano sa panahon ng bagyong taglamig

- ✓ Magtabi ng mga ekstrang mga kumot.
- ✓ Siguraduhin na ang bawat kasambahay ay may mainit na kapote, guwantes o saplot para sa kamay, sumbrero, at mga botang di matagusan ng tubig.

Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit na naglalaman ng--

- ✓ First aid kit at mga importanteng gamot.
- ✓ De-latang pagkain at abre-lata.
- ✓ Di kukulang sa 3 gallon na tubig bawat tao.
- ✓ Damit na makakapal at pang-proteksyon, saplot laban sa init o lamig, mga kumot, sapin at mga sleeping bags.
- ✓ NOAA Weather Radio at de-bateryang radyo, flashlight, at mga baterya.
- ✓ Espesyal na mga kagamitan para sa sanggol, mga matatanda o mga may-kapansanan na kapamilya.
- ✓ Ekstrang mainit na kasuotan, kasama ang bota, guwantes at isang sumbrero.
- ✓ Bumuo din ng isang Disaster Supplies Kit para sa iyong sasakyan.

Ihanda ang iyong sasakyan para sa taglamig bago pa dumating ang panahong ito

Manatiling nakaantabay para sa mga babala laban sa bagyo

- ✓ Makinig sa NOAA Weather Radio at sa iyong lokal na himpilan ng radyo at telebisyon para sa mga pinakabagong ulat ukol sa bagyo.

Alamin kung ano ang ibig sabigin ng mga Winter Storm WATCHES at WARNINGS

- ✓ Ang winter storm WATCH ay nangangahulugang maaaring mangyari ang isang bagyong tag-lamig o winter storm sa iyong lugar.
- ✓ Ang isang winter storm WARNING ay nangangahulugang may isa nang bagyong tag-lamig o winter storm na papunta sa iyong lugar.
- ✓ Ang isang blizzard WARNING ay nangangahulugan na inaasahan na ang mga malalakas na hangin, niyebeng tangay ng hangin na nakapaghadlang ng paningin, at mapanganib na maginaw na hangin. Agad na maghanap ng ligtas masisilungan o shelter!

Kapag may idineklarang Winter Storm WATCH--

- ✓ Makinig sa NOAA Weather Radio, mga lokal na himpilan ng radyo at telebisyon, o cable TV gaya ng The Weather Channel para sa mga karagdagang ulat.
- ✓ Maging handa para sa mga nagbabagong kalagayan ng panahon.
- ✓ Iwasan ang paglalakbay na di gaanong kailangan.

Kapag may idineklarang Winter Storm WARNING--

- ✓ Manatili sa loob ng bahay habang may bagyo.
- ✓ Kung kailangang lumabas, mas mabuting magsuot ng patong-patong na magagaan na damit kaysa sa isang mabigat na kapote. Ang mga guwantes (o saplot sa kamay) at isang sumbrero ay makakapigil sa pagkawala ng init ng katawan. Takpan ang iyong bunganga upang protektahan ang iyong mga baga.
- ✓ Intindihin ang mga panganib ng maginaw na hangin, na pinagsasanib ang nakape-preskong epekto ng hangin at ang mga malalamig na temperatura sa balat na walang saplot.
- ✓ Habang lumalakas ang hangin, ang init ay inililipat mula sa katawan ng isang tao nang mas mabilis, na nagiging sanhi ng pagbaba ng temperatura ng katawan.
- ✓ Maglakad nang dahan-dahan at may pag-iingat sa mga bangketang may niyebe at yelo.
- ✓ Pagkatapos ng bagyo, kung ikaw ay naghahakot ng yelo, maging lubos na maingat. Ang gawain na ito ay higit na mabigat at kapagod-pagod, kung kaya't magpahinga nang madalas. Iwasan ang sobrang pagtrabaho.

Iwasan ang pagmamaneho o paglakbay sa isang sasakyan habang may bagyo, ngunit kung ito ay talagang kinakailangan--

- ✓ Magdala ng isang Disaster Supplies Kit sa likod ng sasakyan o trunk.
- ✓ Panatilihing puno ang tanke ng krudo o gasolina ng iyong sasakyan para sa mga kagipitang sitwasyon o emergency use, at upang iwasang magyelo ang ibabaw ng krudo o gasolina.
- ✓ Ipag-alam ang iyong balak na puntahan, daanan, at kung kailan mo inaasahang makabalik. Kung ang iyong sasakyan ay maipit sa daan, maaaring ipadala ang tulong ayon sa iyong itinakdang daanan.

Kung ikaw nga ay maipit o di makaalis--

- ✓ Manatili sa iyong sasakyan. Huwag subukang maglakad patungo sa kaligtasan.
- ✓ Magpulupot ng isang matingkad na tela (mabuti ang pula) sa antenna ng sasakyan upang makita ng mga tagaligtas.
- ✓ Paandarin ang makina ng sasakyan at gamitin ang heater sa loob ng mga 10 minuto bawat oras. Panatalihing malinis ang tambutso upang hindi bumalik ang mga usok papasok sa sasakyan.
- ✓ Iwanang nakabukas ang overhead light o ang ilaw sa loob ng kotse kapag umaandar ang makina, upang ikaw ay maaaring makita.
- ✓ Habang ikaw ay nakaupo, laging igalaw ang iyong mga braso at binti upang magpatuloy ang pagdaloy ng dugo at panatilihin ang init ng katawan.
- ✓ Buksan ng kaunti ang isang bintana na salungat sa ihip ng hangin, upang papasukin ang hangin para sa paghinga.

Ang iyong lokal na sanggunian ay:

Handa ka na ba laban sa isang Bagyong Tag-lamig (Winter Storm)?

Magplano at maghanda:

Ang mga Bagyong Tag-lamig (Winter Storms) ay nagtataglay ng yelo, niyebe at magiginaw na panahon, at madalas ay mapanganib na kalagayan para sa pagmamaneho. Kahit ang kaunting niyebe at yelo ay maaaring magdulot ng matinding mga problema para sa mga katimugang states (southern states) kung saan di gaanong madalas mangyari ang mga bagyong tag-lamig (winter storms).

Maghanda sa pamamagitan ng pagsali ng iba't ibang mga kapamilya upang isagawa ang bawat isa sa mga gawain sa checklist sa ibaba.

____ **Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit para sa iyong kabahayan sa isang malinaw na tinatakan at madaling kuhain na kahon. Tingnan ang mga inirerekomendang mga nilalaman sa harap.**

Kinalalagyan ng disaster supplies kit:_____

____ **Bumuo ng isa pang Disaster Supplies Kit para sa likod o trunk ng bawat sasakyan na ginagamit ng iyong mga kasambahay. Isama ang mga kumot, ekstra na terno ng mga tuyong damit, isang pala, buhangin, kadena para sa pagbalot ng gulong, jumper cables o kable para sa sasakyan, isang first aid kit, isang flashlight na may sobrang baterya, at isang matingkad na kulay na tela upang itali sa antenna ng sasakyan.**

Car emergency kit na binuo at inilagay sa (mga) sasakyan:_____
(petsa)

____ **Ihanda ang (mga) sasakyan para sa taglamig, bago pa dumating ang panahong ito.**

Mga naihandang (mga) sasakyan:_____
(petsa)

____ **Atasan ang isang kasambahay bilang pinuno sa paghahanda para sa isang Bagyong Tag-lamig (Winter Storm). Ipa-talakay sa kanya kung ano ang dapat gawin kapag may idineklarang winter storm watch o warning. Pumili ng isa pang kasambahay upang isaad kung ano ang kanyang gagawin kapag siya ang naipit sa labas o loob ng sasakyan habang may bagyong taglamig (Winter Storm).**

Napiling pinuno sa paghahanda:_____

____ **Kumuha ng isang American Red Cross first aid course upang malaman kung paano gamutin o lunasan ang pagkalantad sa malig, frostbite, at hypothermia.**

Mga kasambahay na may pagsasanay sa first aid o paunang lunas:_____

Ang mga lisensya sa pagsasanay ay may bisa hanggang:_____
(petsa)

At tandaan...kapag may mangyaring lindol, buhawi, pagbaha, sunog o anumang kalamidad sa iyong bayan, maaasahan mo na nandoon ang iyong lokal na American Red Cross chapter upang tulungan ka at ang iyong pamilya. Ang iyong Red Cross ay hindi isang ahensya ng gobyerno at umaasa sa kontribusyon ng iyong oras, pera at dugo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lang po sa iyong lokal na American Red Cross Chapter o emergency management office. Maaari mo ring puntahan ang mga Web sites na ito:

American Red Cross: **www.redcross.org**

National Weather Service: **www.nws.noaa.gov**

Federal Emergency Management Agency: **www.fema.gov**

ARC 4464 – online version
Tagalog
Rev. Nov. 1998